

## Kalagayan at Pakikibaka ng Migranteng Pilipino, Oktubre 2012

Simula nang maging kalakaran ang pag-eksport ng lakas paggawa noong dekada '70, ang katawagang “migrante” ay pumapatungkol na sa mga Pilipino na nagtatrabaho sa ibayong dagat at nangangarap na mabigyan ang kanilang pamilya ng magandang buhay.

Sa loob ng mga sumunod na dekada tinatayang mahigit 10 milyon na sa 92 milyong Pilipino ang nasa 200 bansa. Kinikilala na ng lipunan ang papel nila sa ekonomiya. Hindi maitatangi na ang remitans na kanilang ipinapadala sa pamilya na umaabot na ng \$20 bilyon sa isang taon ay siya ring nagsasalba sa naghihingalong ekonomya ng bansa. Kaya mismong pamahalaan ay tinawag na silang “bagong bayani.” Subalit hindi rin maitatangi na ang bawat pagtaas ng kanilang remitans ay katumbas ng mas matinding sakripisyo, pang-aapi at pagsasamantala sa kanila.

Sa gitna nang nakagigimbal na sitwasyon ng mga migranteng Pilipino nabuo ang Migrante International noong 1996. Sumilang ang isang pandaigdigang organisasyon ng mga migranteng Pilipino namagtatanggol sa kagalingan at karapatan ng mga migrante at kanilang pamilya.

Maraming panaginip ang hinabi ng migrasyon. Sabi nga, kung walang dagat na naghihiwalay sa Pilipinas sa ibang bayan, wala na marahil tao sa bansa. Subalit hindi ito pagkilala na mabuti ang migrasyon, bagkus, isang mapait na katotohanan sa sinasapit ng Pilipinas.

Minamabuti ng Migrante, kung gayon, na maunawaan ng bawat mamamayan, laluna ng mga kasaping organisasyon nito, ang tunay na kahulugan ng migrasyon, na kilala na sa tawag na pag-eksport ng lakas paggawa (labor export policy o LEP). Kailangang maunawan ang katangian nito, kung paano ito umusbong o nagsimula, sumahol at lumala, nang sa gayo’y matumbok din kung paano haharapin ang suliranin hindi lamang ng malawakan at sapilitang migrasyon kundi ng buong sitwasyon mismo ng ating bansa. “Sapilitan” ang migrasyon sapagkat di nanaisin ng sinuman na umalis sa sariling bayan kung narito ang kanilang kabuhayan, kaligayahan, katahimikan at kaunlaran. “Malawakan” ang migrasyon dahil milyon-milyong mamamayan na ang nakikipagsapalaran sa ibang bayan para lamang mabuhay at mabigyan ng magandang kinabukasan ang kanilang mga pamilya. Sa kabila nito, ipinagmamayabang ng gobyernong Pilipino ang LEP nito.

Nilalaman ng paglalahad na ito ang (I) Katangian at Kalagayan ng Migranteng Pilipino, (II) Ugat ng Migrasyong Pilipino, (III) Sulyap sa Kasaysayan ng Migrasyong Pilipino, (IV) Pagbubuo ng Migrante International, at (V) Ang Ating mga Tungkulin.

### I. ANG KATANGIAN AT KALAGAYAN NG MIGRANTENG PILIPINO

Mahahati ang bilang ng migranteng Pilipino sa dalawang kategorya: (a) yaong *permanente* nang naninirahan sa ibang bansa (immigrant), at (b) yaong *pansamantala* lamang (migrant).

Sa mga permanente, mayroon sa kanila na doon na ipinanganak, lumaki o naglagi sa loob ng mahabang panahon, o kaya’y nakapag-asawa ng dayuhan, at ngayo’y lehitimo nang mamamayan at itinuturing ang

sarili na bahagi na ng lipunang kanilang tinitirhan. Subalit kahit ano pa man ang kanilang “citizenship”, marami sa kanila ay mahal pa rin ang Pilipinas bilang bayang pinanggalingan o tinubuan, at interesado at apektado pa rin sa mga nangyayari sa ating bayan. Gayundin, nabibilang man sila sa pangalawa, pangatlo o pang-apat na henerasyong Pilipino (halimbawa, mga FilAm sa Amerika, FilCan sa Canada, FilOz sa Australya, Fil-Jap sa Japan, at sa iba pang bahagi ng daigdig), boluntaryo o indibidwal silang nagpapasya na ituring ang sarili na Pilipino at sumusuporta o lumalahok sa kilusang pagbabago sa Pilipinas. Kadalasan din itinutulak sila na kilalanin o mahal in ang Pilipinas dahil sa nararanasang diskriminasyon sa lipunang kinalakhan at/o malakas ang interes na malaman ang pamana ng kanilang lahi.

Sa mga pansamantala namang namamalagi sa ibayong-dagat, nahahati pa sila sa dalawang mayor na kategorya: a) yaong mga *dokumentado*, o mayroong ligal na kontrata sa pagtatrabaho; at (b) yaong mga *hindi dokumentado*, o walang ligal na kontrata sa pagtatrabaho sa ibang bansa (gaya ng mga tinatawag na “bilog” sa Japan, “OS” o over stay sa Hong Kong, “TNT” o tago-nang-tago sa Amerika, atbp.). Dokumentado man o hindi, lahat sila ay tinatawag na OFW (overseas Filipino workers).

Batay sa talaan ng DOLE noong 2011 umaabot sa humigit-kumulang 15 milyon ang bilang ng mga Pilipino sa ibayong-dagat. Sa bilang na ito, 3.7 milyon ang permanenteng naninirahan na sa ibang bansa habang 4.1 milyon ay mga pansamantala lamang o contractual workers at 900,000 naman ang hindi dokumentado. Konserbatibo ito dahil sa tantya ng Migrante International, aabot sa mahigit 10 milyon na ang mga Pilipino sa labas ng bansa at mahigit sa isang milyon sa kanila ay hindi dokumentado.

Nahahati pa sa dalawang klasipikasyon ang mga OFW, dokumentado man o hindi. Una, ang *land-based workers*, o yaong mga nagtatrabaho sa mga pabrika, konstruksyon, ospital, upisina, iba pang sektor sa serbisyo gaya ng enterteynment, household services, at iba pa. Ikalawa ang *sea-based workers*, o yaong mga nagtatrabaho sa mga barko gaya ng mga cargo ships, cruise lines at iba pang barko na naglalayag sa ibayong-dagat (ocean-going vessels).

Samantala, kapansin-pansin din ang nangyayaring peminisasyon (*feminization*) sa hanay ng mga migranteng lumalabas ng bansa. Tinataya na sa 4,500 Pilipinong umaalis araw-araw, 60 porsyento ay kababaihan. Sila ay karaniwang nagpupunta sa Europa, Japan, Hong Kong, Singapore at Malaysia. Karamihan ay nagtatrabaho bilang domestic helper o au pair at entertainer.

Mayroon ding tinatawag na mga marriage migrants, o mga Pilipinong nagpakasal sa mamamayan ng ibang bansa. Nakasalalay sa kontrata sa kasal ang pananatili nila sa ibang bansa, pero sa oras na madiborsiyo ay maaaring mapauwi din kung wala pang permanenteng estado o hindi pa “naturalized”. Mayroon ding pumapasok sa komersyal na kasal, o mail-order brides, na marami ay nabibiktima ng sex-trafficking. Nandiyan din yaong mga ipinadala ng pamahalaan, kompanya o mga magulang sa ibang bansa upang mag-aral, manaliksik o mag-treyning katulad sa Japan, South Korea at Taiwan. Nandiyan din ang mga misyunaryong gumagampan ng gawain para sa kanilang simbahan sa labas ng bansa. At mayroon ding napilitang lumabas ng bansa o manatili sa labas ng bansa at humingi ng political asylum dahil sa biktima sila ng pandarahas at panggigipit ng ating pamahalaan dahil sa kanilang paniniwala at

paninindigan. Laging may nakaambang panganib sa kanilang buhay mula sa atake ng pamahalaan o galamay ng mga naghaharing uri.

Samantala, may ilang Pilipino naman ang nasa mataas na posisyon sa mga korporasyong transnasyunal. May mga Pilipinong nasa mga konsulado at embahada o iba pang ahensya ng pamahalaan na nagpapatupad sa mga mapagsamantala at mapanggipit na patakaran at programa nito. Mayroon sa kanilang halos ikahiya ang kanilang kababayan at ipinagkakanulo sa kapahamakan ang mga migranteng Pilipino. Ang mga ito'y mahirap nang maantig ang makabayang damdamin dahil sa interes na kanilang pinagsisilbihan. Subalit mayroon din naman sa kanilang hanay na bukal ang puso at maaaring mahikayat na tumulong sa migrante.

Dapat pa ring ituring na ang mga migranteng nangibang-bansa upang maghanapbuhay ay bahagi ng sambayanang Pilipinong inaapi at pinagsasamantalahan. Pansamantalang lamang sila na nasa ibayong-dagat at sa kalauna'y babalik din sa kanilang mga pamilya sa Pilipinas. Liban dito, sa kabuuan, sila at ang kanilang pamilya ay nagmumula sa iba't ibang demokratikong uri at sektor ng ating lipunan na inaapi at pinagsasamantalahan: magsasaka, manggagawa, ordinaryong kawani sa pamahalaan at pribadong opisina, at propesyunal. Kaya nga sila napipilitang mangibang-bansa upang maghanapbuhay ay dahil sa kahirapang dinaranas sa Pilipinas.

Subalit, anuman ang kanilang uring pinanggalingan sa ating lipunan, pagdating nila sa ibayong-dagat ay halos pare-pareho ang kanilang mga trabahong pinapasukan (seamen, domestic helper, manggagawa sa pabrika o konstruksyon, taga-aliw sa mga nightclub, atbp.). Kung pagbabatayan ang posisyon nila sa produksyon, sila'y mga manggagawa. Ito ang kanilang komun na katangian – ang pagiging migranteng manggagawa sa ibang bansa. Ito ang pangunahing nagbubuklod sa kanila bilang mga Pilipino sa ibayong-dagat – ang pagiging migranteng manggagawang Pilipino.

Halos pare-pareho ang mga problemang kanilang kinakaharap. Naririyang ang tuwirang pang-aabuso, pagsasamantala at pang-aalipin ng ating pamahalaan at mga pribadong ahensyang nagrerekrut, pati na rin ng mga dayuhang pamahalaan at amo. Naririyang din ang rasismo, diskriminasyon at kawalan ng karapatan bilang dayuhan sa ibang lipunan. At naririyang din ang kalungkutan bunga ng pagkawalay sa bayan at mga mahal sa buhay. Samantala, bunga ng natatanging porma ng pagsasamantalang kanilang dinaranas at ng malaking bilang nila sa populasyon ng Pilipinas, sila'y maaaring ituring na isang sektor ng lipunang Pilipino - ang sektor ng migranteng manggagawang Pilipino.

May kakaiba at natatanging porma ng pagsasamantalang dinaranas ang migranteng manggagawang Pilipino. Sa proseso pa lang ng kanilang sapilitang paglikas, sila'y napagsasamantalahan na. Nariyan na pagbayarin sila ng malalaking halaga para sa mga papeles na kakailanganin para makapangibang-bansa. Hinuhuthotan pa sila ng pagkataas-taas na processing fee ng mga pribadong ahensya na sa tuwi-tuwina'y niloloko sila, tulad ng pagpapalusot sa kanila nang palihim sa ibang bansa bilang turista o kargamento sa barko at pinatatawid sa matataas na bundok para makarating sa hangganan ng ibang bansa tulad ng nangyayari sa Europa. Karamihan sa kanila ay nagsasanla ng mumunting ari-arian o nangungutang ng may malaking patong na interes upang makapagtrabaho sa ibang bansa sa pag-asang

makakayanang bayaran ng kanilang kikitain ang inutang. Baon na kaagad sila sa utang bago pa man umalis ng Pilipinas.

Ang migranteng manggagawa ay nagbabakasakaling mapaunlad ang kabuhayan ng pamilya. Marami sa kanila ang nagsasabing makapag-apon lang ng sapat para pang-negosyo o makabili ng sapat na ari-arian ay uuwi na "for good." Ngunit ang sinasabing temporaryong pangingibang-bansa ay tumatagal sa paulit-ulit na pagbago ng kontrata o sa pagtalon sa pagiging walang papeles, hanggang sa maging permanente na sa haba ng pananatili sa bansang kinalalagyan o sa pagpapakasal sa dayuhan.

Sa unang yugto ng pangingibang-bansa, ang kanyang kita ay napupunta sa pagbabayad ng utang. Sa susunod ay upang makapag-aral ang mga anak o kapatid. Darating pa ang mga biglang kagipitan tulad ng pagkakasakit ng magulang, anak o kapatid. Sa pagluwag ng kalagayan, makapag-apon at makakabili ng mga kasangkapan sa bahay o alahas. Sa kalauna'y makapag-apon ng perang pang-negosyo o pagpapatayo ng bahay. Subalit ang inaasahang pag-ahon sa kahirapan ay kadalasang di nangyayari. Nalulugi ang negosyo, nabebenta ang mga naipong kagamitan sa bahay o alahas at nasasanla ang lupa at bahay. May mga bahay ngang pinaghirapang pag-ipunan ng migrante ang nasalanta ng lahar at ibang kalamidad.

Totoong may nangyayaring kaunting kaluwagan o pag-angat sa kabuhayan ng pamilya ng mga migranteng manggagawa. Dahil mas mataas kaysa sa piso ang halaga ng perang tinatanggap sa ibayong-dagat at mas mataas din ang sahod kaysa sa minimum sa ating bansa. Medyo tumataas ang lebel ng kabuhayan ng kanilang pamilya kung ihahambing sa kabuhayan ng ordinaryong manggagawa o magsasaka sa Pilipinas. Subalit ang kabuhayang ito ay may pagka-artipisyal dahil sa nakabatay sa pansamantalang kita lamang -- habang nasa labas ng bansa. Ito ay mawawala sa sandaling umuwi ang migrante sa Pilipinas. Masusustine lamang ito sa patuloy na pananatili sa labas ng bansa o sa pagtiyak na may papalit mula sa pamilya na magtrabaho sa labas ng bansa.

May ilang ganap na umaangat ang kabuhayan at posisyon sa lipunang Pilipino. Nagiging matagumpay ang negosyo. Nagbabago ang pamumuhay. Hindi na muli mangingibang-bansa para kumita. Subalit sila ay iilan lang. Sa pangkalahatan, ang buhay ng migranteng manggagawa ay parang isang bangungot na paulit-ulit at hindi matatakan.

Ang pag-iral ng artipisyal na pag-angat sa kabuhayan ay paminsan-minsang nagdudulot ng di kanais-nais na pagnanasa at pangangailangan sa migrante mismo at sa kanyang pamilya. Umiiral ang mataas na ekspektasyon sa buhay na hindi kayang masustine sa normal na kalakaran kung nagtatrabaho sa Pilipinas. May mag-asawang nagkakahiwalay dahil sa nalulong sa maluhong pamumuhay ang naiwan at winaldas lamang sa sugal, inom o pambabae ang kita ng migrante. May mga anak namang nalulong sa masamang bisyo o bawal na gamot (droga) dahil sa nagkaroon ng ekstrang perang ipambili, at dahil sa wala ang gabay ng magulang na nasa ibang bansa.

Subalit ang matagal na pagkawalay sa mga mahal sa buhay ang mas nagdudulot ng mga emosyonal at sikolohikal na problema sa migrante at kanyang pamilya. Dahil sa kalungkutan, may asawang nakukuhang magtaksil. Maraming anak ang lumalaki nang walang pagkalinga ng magulang. May mga pamilyang nawawasak dahil sa nawala ang sangkap ng mainit na pagmamahalan at lubusang pagkakilala

sa isa't isa. Ilan lamang ito sa mga halimbawa ng problemang idinudulot ng pagkakahiwalay ng isang pamilya. Sa kabuuan, mabigat ang suma nito sa buhay ng ating lipunan, sa tinatawag na "social fabric" nito, ang mga relasyong tumatahi sa loob ng isang pamilya bilang batayang yunit ng lipunan.

Sa labas ng bansa, sari-sari namang kultura at pamumuhay ang kinakaharap ng migranteng Pilipino: may lipunang ganap ng kapitalista't industriyalisado at may dependenteng kapitalista pa lamang; may lipunang liberal ang kultura at may konserbatibo naman; may lipunang pinangingibabawan ng mga Kristiyano at may Muslim din; at iba pa. Sa bawat bansang kinalalagyan ay kailangan nilang umangkop at makibagay. Bilang dayuhan sa lipunang hiram, halos walang kaalaman ang migranteng Pilipino sa wika, kaugalian, batas at patakaran na umiiral.

Dahil dito, madali silang takutin, abusuhin at pagsamantalahan ng dayuhang amo at pamahalaan. Tinatakot na ipapahuli o ipade-deport kahit walang kasalanan. Kinukumpiska ang passport upang hindi makaalis o lumipat ng trabaho. Ibinibilanggo at pinapatawan ng kamatayan kahit inosente, tulad nina Flor Contemplacion at Sarah Balabagan. Sang-ayon sa OWWA (Overseas Workers Welfare Administration) mismo, mula 1991 hanggang 1995, 4,691 migranteng Pilipino ang inuwing bangkay sa Pilipinas. Ibig sabihin, halos tatlong migranteng Pilipino ang namamatay araw-araw sa iba't ibang kadahilanan, kadalasa'y "under mysterious circumstances". Dumaranas ng matinding diskriminasyon, pisikal na pananakit, masamang pagtrato tulad ng pagkakait ng sapat na pagkain, tulog at pahinga, "underpayment" at hindi pagbibigay ng sahod, pagpaparusa tulad ng pagtanggap sa "day-off" at pagbawas sa sahod sa anumang maliit na dahilan, at iba pa. Kadalasa'y biktima sila ng "sexual harassment." May mga narireyp na kababaihan at mangilan-ngilang kalalakihan din, partikular sa Gitnang Silangan.

Binabalikat ng mga migranteng manggagawa ang ganitong pagpapahirap kaalinsabay ng paggampan ng mga gawaing marumi, mabigat, mahirap at mapanganib na kadalasa'y inaayawan ng mga lokal na mamamayan, manggagawa man o lumpen. Trabahong kalabaw at walang pagtaas sa ranggo ang karaniwang napapasukan ng migranteng Pilipino. Ang sahod ay mas mababa pa kaysa sa ibinibigay sa lokal na manggagawang gumagampan ng katulad na trabaho. Dahil sa hindi pwedeng sumanib sa lokal na unyon, walang "job security" at walang karapatan sa mga benepisyo tulad ng vacation, maternity at sick leave, medikal insyurans sa anumang aksidente sa trabaho, at pensyon o retirement benefits. Gayon na nga ang kalagayan ng mga migranteng Pilipino sa labas ng bansa, pwersado pa silang magbayad ng buwis sa lokal na pamahalaan. Samantalang karamihan sa kanila'y hindi binibigyan ng karapatang maging mamamayan ng bansang kinalalagyan.

Ang masaklap pa'y hindi sila binibigyan ng proteksyon at pangangalaga ng gobyerno ng Pilipinas. Sa halip, 'sangkatutak na bayarin ang sinisingil sa kanila mula pag-aplay ng trabaho, habang nagtatrabaho sa labas ng bansa at hanggang matapos ang kontrata at muling makabalik sa bansa. At sa mga nagkakaproblema, inaabot ng siyam-siyam bago umaksyon ang konsulado o embahada: nariyang papauwiin na lang imbes na ipaglaban ang kaso ng migranteng Pilipino, nariyang walang matutuluyang OWWA center, at nariyang abutin ng mahigit sa dalawang buwan bago maiwi ang bangkay ng sinamang-palad na migrante.

Malinaw na ang buhay ng migranteng manggagawang Pilipino ay malungkot, mahirap at malupit. Hindi ito isang rosas na hardin gaya ng pinalalabas ng pamahalaan at mga pribadong ahensyang nagrerekrut upang ilako ang programa sa pagluluwas ng lakas-paggawa. Gayunman, ito’y sinusuong ng migrante upang mabuhay ang sarili at ang kanilang pamilya. Bilang kapwa Pilipino, dapat natin silang tulungan. Bilang makabayang Pilipino, tungkulin nating ipaglaban ang kanilang karapatan at kagalingan at himukin silang sumuporta at direktang lumahok sa pakikibaka para sa pambansa demokratikong pagbabago sa Pilipinas na siyang maglalitag ng daan para sa tunay at ganap na paglutas sa kanilang mga problema.

## **II. UGAT NG MIGRASYONG PILIPINO**

Ang migrasyon o ang paglikas sa ibang bansa upang doon maghanapbuhay at manirahan ay isang karapatang pantao. Hindi ito maaaring hadlangan ninuman. Ngunit kadalasan, tulad sa Pilipinas, hindi ito isang malayang desisyon kundi dikta ng pangangailangan. Kaya nga sinasabing sapilitan ang migrasyon.

May panloob at panlabas na salik na nagtutulak sa mga Pilipino na mangibang-bayan. Mas pangunahin dito ang panloob na salik, o panlipunang kalagayan ng Pilipinas mismo, kung saan hindi mabigyan ng sapat na trabaho o kabuhayan ang mamamayan. Sumasalubong dito ang panlabas na salik—ang pangangailangan ng mga kapitalistang bansa ng murang lakas paggawa ng mga dayuhang manggagawa para makaahon ang kapitalismo sa krisis nito.

Hindi malutas-lutas ang disempleyo sa Pilipinas at patuloy pang lumalala. Dangan nga kasi’y atrasado, agraryo at walang mga batayang industriya ang bansa. Ang malalawak na lupain sa bansa ay nasa kontrol ng iilan, gayundin ang kalakalan, mga pabrika at negosyo. Mga asendero-komprador na nagsisilbi sa interes ng malalaking dayuhang kapitalista ang namamayani sa bansa. Hindi ang mga mamamayan na biktima ng pangangamkam ng lupa, tumatanggap ng mababang suweldo, walang makataong tirahan, walang kasiguruhan sa trabaho, kapos sa mga panlipunang serbisyo, liban pa sa dumaranas ng kawalang hustisya at paglabag sa mga karapatang-pantao.

Sa malawak na kanayunan ng bansa matatagpuan ang pagsulpot taun-taon ng libu-libong magsasakang walang lupang pag-aari o sasakahin. Dito pangunahing nagmumula ang disempleyo sa ating bansa. Limitado na ang maaaring magtrabaho sa mga hasyenda at plantasyon ng mga panginoong maylupa. Wala na silang tutubuin sa pagsasamantala sa mga magsasaka kung bibigyan pa nila ng trabaho o tirahan ang kabuuang lakas-paggawa sa kanayunan.

Nagsisilikas ang mga magsasaka sa kanilang mga lugar para maghanap ng kabuhayan. Kaya dumarami ang nagiging manggagawang-bukid. Marami din ang nagtutungo sa kalunsuran para doon manirahan at maghanap ng trabaho sa mga pabrika at pang-serbisyong industriya tulad ng konstruksyon at paglilinis sa mga opisina. Subalit wala namang sapat na trabahong matatagpuan sa kalunsuran bunga ng kawalan ng mga saligang industriya, na magpapalitaw sana sa mga sekundaryo, pangatlo at pababang lebel ng industriya (down-the-line-industries) at mga kaakibat na serbisyong iluluwal nito. Kahit pa man may malalaking dayuhang kapitalistang namumuhunan sa bansa, pinipigilan nilang magpaunlad ng mga

industriyang magiging kakumpetensya nila. Ang layon lang nila ay maging palengke ang Pilipinas ng mga sobrang produkto nila, mapagkunan ang bansa ng mga hilaw na mineral o materyales, at mapakinabagan ang murang lakas paggawa dulot ng malawak na disempleyo.

Sa ganitong kaayusan, ang ekonomiya ng bansa ay nanatiling pangunahing taga-tustos lamang ng mga hilaw na materyales sa agrikultura't industriya at taga-proseso ng mga pang-kunsumong produkto (damit, laruan, kompyuter, atbp.) para sa pangangailangan ng mga industriyalisadong kapitalistang bansa. Gayundin, taga-angkat din lang tayo mula sa mga bansang ito ng mga mamahaling yaring produktong pang-industriya at pang-kunsomo (kotse, refrigerator, television, atbp.).

Dahil karaniwang mas mahal ang binibili (import) kaysa sa ibinebenta (export), kailanma'y hindi makukuhang mabalanse ng ekonomiya ang kanyang kalakal at pinansiya. Bunga nito'y, patuloy na lalaki ang utang na panloob at panlabas ng bansa, patuloy na hahambalos ang implasyon, bababa ang halaga ng piso, tataas ang presyo ng mga bilingin, kukulangin ang kita ng pamahalaan sa kanyang badyet at pangangailangan, tataas ang buwis, at lalaki ang kurakot sa kabang-yaman ng mga pulitikong tumitindig sa interes ng naghaharing uri.

Ang pananatili ng ganitong sistemang panlipunan't pang-ekonomiya, o ang tinatawag na malapyudal at malakolonyal na sistema, ay nagtitiyak sa patuloy na pagbulusok ng kabuhayan ng mamamayan. Ito rin ang dahilan sa paglaganap ng krimen sa pamumuno ng mga pulitiko't opisyal ng militar at pulis, sa pagbagsak ng kalidad ng serbisyong tinatanggap ng mamamayan, pagbaba ng lebel ng kanilang kalusugan at kaalaman (literacy), paglawak ng agwat sa pagitan ng maliit na bilang ng mayayaman at malaking bilang ng mahihirap, pagdami ng tinaguriang "squatters colony" at "street children," at paglala ng iba pang problemang sosyal. Ito ang kabuuang trahedyang ganitong lipunan na parati na lamang na nasa krisis at tinatakas ng mga Pilipinong nangingibang bayan.

Samantala, tumitindi naman ang pangangailangan ng ibang bansa sa mas murang lakas paggawa. Dahil sa krisis ng kapitalismo marami sa mga bansang ito ang nais magbawas ng gastos sa paggawa. Naririyang ang mga pakanang kontraktuwalisasyon, sub-contracting, downsizing at pleksibilisasyon na hindi lamang nagpahirap sa mga manggagawa kundi nagwawasak sa kanilang mga unyon. Naririyang itapon ang mga "labor intensive" at "environmentally destructive" na bahagi ng proseso ng produksyon sa mga atrasadong bansa dahil sa murang lakas-paggawa roon. Higit pa, naririyang ang pag-angkat sa murang lakas-paggawa mula sa mga atrasadong bansa na maaaring pumasok sa iba't ibang uri ng gawain, mula sa tuwirang paglahok sa proseso ng produksyon hanggang sa serbisyo tulad ng konstruksyon, pandagat, katulong sa ospital, opisina, otel, bahay at restoran, at taga-pagbigay ng aliw sa lokal na mamamayan.

Itinakda sa iskemang ito na hatiin o pag-awayin ang uring manggagawa. Mas mababa ang sahod na tatanggapin ng mga migranteng manggagawa kaysa sa tinatanggap ng lokal na manggagawa. Liban dito, ang migranteng manggagawa'y pinagkakaitan ng karapatang sumanib sa unyon. Dahil dito'y ligtas ang malalaking dayuhang kapitalista sa tungkuling bayaran ang migranteng manggagawa ng "automatic pay increases", medikal insyurans, pensyon at iba pang benepisyo, tulad ng bayad ng vacation and sick leave, na nakasaad sa mga collective bargaining agreement (CBA) ng mga unyon. Wala ring job security ang mga migranteng manggagawa kaya madali silang tanggalin sa trabaho sa anumang kadahilanan.

Mas masaklap, ginagamit ang mga migranteng manggagawa, kabilang na ang Pilipino, bilang “scapegoat” sa pag-atake sa mga karapatan at kagalingan ng lokal na manggagawa at sa pagwasak sa kilusang manggagawa rito.

Ang pagsasamantala sa murang lakas-paggawa ng mga mamamayan sa mga atrasadong bansa ay dinala rin ng malalaking dayuhang kapitalista sa ilang bansa sa Gitnang Silangan at sa Brunei. Ang mga bansa dito ay biglang umani ng malakihang tubo sa pagtaas ng presyo ng kanilang pangunahing produktong panlabas - langis. Para pakinabangan ang kanilang likas na yaman, ang mga bansang ito’y naglunsad ng programang konstruksyon upang magtayo ng mga modernong imprastruktura (highway, ports, ospital, otel, gusaling pang-pamahalaan, atbp.), oil refinery, petrochemical plant, pabrikang gumagawa ng mga produktong galing sa langis, palasyo, atbp. Dito dinala at pinalikas ng malalaking dayuhang kapitalista at mga kakutsabang komprador kapitalista ang mga migranteng manggagawa mula sa atrasadong bansa, kabilang na ang Pilipino.

At may mga bansa naman na, dahil sa relatibong pagbilis ng kanilang pag-unlad noong nagdaang dekada, ay nangailangan ng lakas-paggawa pangunahin pa para sa mga serbisyong pambahay. Dahil sa biglang nahatak ang mga kababaihan dito na lumahok sa aktwal na proseso ng produksyon at mga serbisyong pang-upisina (bangko, insurans, atbp.), nagkaroon ng pangangailangan sa mga katulong na mag-aalaga sa mga anak at magulang ng mag-asawang kapwa nagtrabaho sa pabrika o upisina. Ganito sa pangkalahatan ang nangyari sa Timog Korea, Taiwan, Hong Kong at Singapore.

Subalit ang mga panlabas na salik na ito ay sekundaryo lamang sa pangunahing panloob na ugat sa nangyayaring sapilitang malawakang migrasyong Pilipino. At ang salik na ito’y pansamantala at pabugso-bugso. Sa muli’t muling pagsulpot ng matinding krisis ng kapitalismo, ang mga migranteng manggagawa, kabilang na ang mga Pilipino, ay aakusahang mang-aagaw ng trabaho. Sa kalaunan, sila ay sasabihing pasanin ng lipunan. Liban sa Estados Unidos, Canada at sa ilang bansa sa Europa, ang karamihan sa migranteng Pilipino ay pipilitin o mapipilitang umuwi dahil sa wala naman silang karapatang maging mamamayan sa bansang kinapapalooban.

Ang mga panloob at panlabas na salik ay nakitang bentahe ng pamahalaang Pilipino para isakatuparan ang isang iskema o programa na gawing sistematiko na ang pagluluwas ng lakas paggawa kung saan direktang pinaplano, pinangungunahan, at ginagawang gatasan ito ng gobyerno. Ito ang LEP, o labor export program. Sa basbas ng IMF-World Bank, gobyerno na mismo ang nagtutulak sa mga mamamayan nito na magtrabaho sa ibang bayan.

Ang esensya ng LEP ay gawin tayong isang produkto o commodity na ibinebenta sa labas ng bansa. Nakita ang LEP bilang pinakamabilis at pinakamalaking mag-akyat ng foreign exchange earnings sa bansa para mapataas ang credit standing ng gobyerno sa mga dayuhang bangko at magamit ang perang ito sa kalakalan. Pagsamahin man ngayon ang dayuhang puhunan at utang ay hindi aabot ni sa kalahati ng remitans na pinapadala ng mga migrante sa Pilipinas. Hindi pa binabanggit dito ang laki ng “kotong” o kita ng gobyerno sa bawat migrante na pinalalabas nito ng bansa.

.Ang konseptong kalakal ang tao ay matagal nang napatunayang mali ng kasaysayan. Isa itong konseptong pyudal kung saan ang tao ay itinuring bilang isang “chattel” tulad ng baka o baboy. Subalit



ito ang nagaganap sa LEP. Nilalako ang mga Pilipino sa mga dayuhang bansang kapitalista na parang mga “beast of burden”. Wala na tayong pagkakaiba sa kalabaw o ordinaryong produkto.

Nakinabang na nga, ang pamahalaan ay halos wala pang naitutulong sa higit na nakararaming migrante sa panahon ng problema o kagipitan. At tuwing maghaharap ng sumbong, migrante pa rin ang iniinsulto sa pagsasabing kusa naman tayong nangibang-bansa kaya dapat nating tiisin ang ginagawang pang-aabuso sa atin. Subalit may mga karapatan pa rin ang mga migrante sa ibang bayan na dapat ay pangalagaan ng pamahalaan ng Pilipinas.

### **III. SULYAP SA KASAYSAYAN NG MIGRASYONG PILIPINO**

Sa pagbaybay ng kasaysayan makikita kung paanong tumungo sa LEP ang mga naunang migrasyon ng mga Pilipino sa ibang bayan, at kung ano ang mga naging pananagutan dito ng mga kolonyal, nakaraan at kasalukayang rehimen na tumangan ng kapangyarihang pulitikal sa bansa. Makikitang ang migrasyon, liban sa tulak ng pangangailangan, ay mulat na itinaguyod, pinalawak at pinatindi ng iba’t ibang rehimen. Sa halip na lumikha ng trabaho para sa mamamayan, itaas ang kanilang sahod, o mapaunlad ang kabuhayan at serbisyong publiko, pinanatili ang pareho at bulok na kaayusan. Tuloy, hindi malutas-lutas ang suliranin ng migrasyon at pinagkitaan pa nga ng pamahalaan at ng mga alipores nito.

Sa Panahon ng Pananakop ng Espanya: Mahigit 300 taon nang sakupin ng Espanya ang Pilipinas. Hitik ang kasaysayan sa pagmamalupit ng mga kolonyalistang Kastila, sundalo man o prayle, sa mga mamamayan. Isa na rito ang sapolitang pagtatrabaho (o “corvee labor”) sa mga Pilipino, laluna nang magbukas ang Manila-Acapulco galleon trade (1565- 1815). Noo’y kolonya rin ng Espanya ang Mexico, kung saan matatagpuan ang Acapulco.

Pwersahang pinagtrabaho ang mga Pilipino sa mga galleon bilang mandaragat at “navigators”. Ang iba nama’y ipinadala sa California na noo’y bahagi ng Mexico bilang mga piyon sa kolonyal na pananakop ng mga lupain doon para sa hari ng Espanya. Buong kalupitang ginamit ng mga “conquistador” ang Pilipino “corvee labor” sa pagtatayo ng mga “missionary settlement” sa California tulad sa mga lugar na ngayo’y kilala sa pangalang San Luis Obispo at Los Angeles. Upang takasan ang kalupitan sa galleon, may mga Pilipino ding tumalon ng barko sa Acapulco, naglakbay sa kahabaan ng Mexico patungo sa syudad ng Vera Cruz, tumawid ng Gulf of Mexico, at nagtayo ng isang “settlement” sa New Orleans, Louisiana. Ang settlement na ito’y tinawag na Manila Village. Ang mga mamamayan dito ay sumapi sa rebolusyong Amerikano laban sa kolonyalistang Britanya noong 1812.

Sa pagbubukas ng Suez Canal nagpaigsi ang panahon ng paglalayag patungong Europa. Napabilis din nito ang pag-aaral sa Espanya ng mga anak ng mayayamang Pilipinong kumita sa paglilingkod sa pamahalaang kolonyal ng Espanya. Nagkaroon ang kanilang mga magulang ng mga lupang pag-aari, at naging mangangalakal ng lokal na produkto sa loob ng bansa. Mula sa mga migranteng estudyante sumulpot ang ilang Pilipinong magbabandila sa makabayang damdamin ng sambayanan. Lalo nitong napalakas ang determinasyon ng mga Pilipinong mag-alsa noong 1896, sa pamumuno ni Andres Bonifacio, para sa pambansang kalayaan.

Malapit na sanang magtagumpay ang rebolusyong Pilipino nang dumating ang panibagong mananakop, ang Estados Unidos.

Sa Panahon ng Pananakop ng Estados Unidos: May 11 taon ding direktang sinakop ng Estados Unidos ang Pilipinas (bagaman nanatili ang impluwensya nito sa Pilipinas hanggang sa ngayon). Noong panahong ito sistematiko ding nagluwas ang Amerika ng mga Pilipino patungong Hawaii, na nagsimula sa iilan hanggang sa maging daan-daan. Dinala sila sa mga plantasyon doon, una ay sa Olaa Plantation at, sa kalaunan, sa iba pang plantasyon nang pumasok ang Hawaiian Sugar Planters Association. Noong taong 1929 halos 18% ng populasyon ng Hawaii ay mga Pilipino. Sa taong 1934, umabot sa humigit kumulang 120,000 Pilipino ang nasa Hawaii.

Nang pumalo ang matinding krisis ng kapitalismo noong dekada '30 na tinaguriang "Great Depression," tinamaan nang husto ang mga plantasyon sa Hawaii dahil sa pagbagsak ng presyo ng mga pananim. Upang makapagbawas sa gastos, pinagtatanggal sa trabaho ang mga migranteng Pilipino. Ang 41% sa kanila ay sapilitang pinaui sa Pilipinas. Isa sa umuwi noon ay si Pedro Calosa na naging isa sa mga lider sa pag-aalsa ng mga Sakdalista noong 1935. Si Calosa ay beterano ng malawakang strike sa Hawaii na nilahukan ng 31,000 Pilipino noong 1924. May ibang dumiretso sa mainland US upang maging tagapitas ng gulay at prutas sa California. Ang iba ay nagpunta sa Alaska para magtrabaho sa mga pabrika ng de-latang isda (canneries) doon.

Isa rin si Carlos Bulosan na naging migrante noong 1930 sa edad 17. Naging manggagawa siya sa mga taniman ng ubas at asparagus at sa iba pang plantasyon sa California. Dahil sa maagang nalantad sa rasism o at diskriminasyon at sa pagsasamantala sa migranteng manggagawa, sii Bulosan ay aktibong lumahok sa pag-oorganisa ng mga manggagawa sa ilalim ng Congress of Industrial Organizations (CIO) nang ito'y isa pang progresibo at militanteng pederasyon. Naging aktibo rin siya at iba pang migranteng Pilipino sa pagsuporta sa Hukbong Bayan Laban sa Hapon (Hukbalahap) noong panahon ng pananakop ng Hapon sa Pilipinas. Ngunit hindi na siya nakauwi sa Pilipinas at doon na namatay sa Seattle.

Ang matinding krisis ng kapitalismo noong dekada '30 ay tumungo sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Nilusob ng Hapon ang Pilipinas na noo'y kolonya ng Estados Unidos. Pero matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig at magapi ang Hapon, bumalik ang mga Amerikano sa Pilipinas.

### **Sa Panahon Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig:**

Simula 1946 tiniyak ng mga Amerikano na magiging isang mala-kolonya ang Pilipinas. Nagpatuloy silang mag-ari ng lupa at mga kompanya (minahan, bangko, sugar central, tobacco plantation, atbp.) at pinalawak at pinaunlad ang kanilang mga base militar.

Pinanatili din nila ang mala-pyudal na kaayusan sa kanayunan. Kasabay nito naudlot ang umuusbong na industriyang Pilipino, dumaosdos ang balanse ng kalakal at kabayaran, lumaki ang utang ng pamahalaan, bumaba ang halaga ng piso, Nakialam na nang husto ang International Monetary Fund-World Bank (IMF-WB) sa pinansiya at ekonomiya ng bayan. Lumala ang disempleyo, tumindi ang kahirapan, at bumulusok lalo ang kabuhayan.

Ang ganitong panlipunang kaayusan ay nagdulot nang ibayong paghihirap sa mamamayang Pilipino sa ilalim ng administrasyong Roxas, Quirino, Garcia at Macapagal. Sumahol pa ito sa panahon ni Marcos.

Tulak ng kalagayang panlipunan ang lalo pang pangingibang-bayan ng marami-raming Pilipino. Tinawag itong “brain drain” sapagkat karamihan sa mga umaalis ay nakapagtapos sa pamantasan. Karamihan ay sa Estados Unidos nagpunta. Mayroon ding pumasok sa mga organisasyong internasyonal tulad ng United Nations (UN) at mga ahensya nito tulad ng World Health Organization (WHO) at United Nations International Children’s Emergency Fund (UNICEF) na nagsimulang magsulputan pagkatapos ng gera.

Dahil sa hindi nasalanta ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig at nakinabang pa nga sa pagbebenta ng armas at kagamitang pang-gera sa mga bansa sa Europa, ang Estados Unidos ay dumaan sa isang relatibong mabilis na pag-unlad pagkatapos ng gera. Nangailangan ito ng murang lakas paggawa mula sa ibang bansa at ang Pilipinas ay naging isang tagatustos nito.

Halimbawa, noong 1949, 6,000 manggagawang Pilipino ang sumanib sa welga ng International Longshore and Warehouse Union (ILWU) laban sa pagsasamantala ng mga panginoong maylupa sa Waipahu, Hawaii. Isa pa, noong 1965, nang maglunsad ng militanteng boykot ng ubas ang mga manggagawang Pilipino sa pamumuno ni Philip Vera Cruz at Larry Itliong, lumakas din ang loob ng mga manggagawang Chicano upang magbuo, kasama ang mga Pilipino, ng United Farm Workers Union (UFWU). Hanggang sa ngayon, patuloy na lumuluwas ang mga Pilipinong manggagawa at propesyonal, tulad ng nars, doktor, inhinyero, dietitian, dentista at iba pa, sa Estados Unidos.

Mula 1945 hanggang 1965, tinataya namang mahigit 100,000 “war brides” at kanilang mga anak ang lumuwas patungong US mula sa Pilipinas. War bride ang tawag sa mga asawa ng mga Amerikanong sundalo (GI) na nadestino sa Pilipinas at sa iba pang bansa. Isang taon bago “ibinigay” ng US ang kalayaan ng Pilipinas, ipinasa ng US Congress ang War Brides Act noong 1945 at daang libong war brides ang nagmula sa Asya-Pasipiko at Europa na isinakay sa mga digmang pandagat patungo ng US. Doon ay sinalubong din sila ng matinding rasismo at diskriminasyon, liban pa sa matinding kalungkutan sa isag banyagang lugar.

Sa panahon ding ito, may mga Pilipinong nagpunta sa Europa dahil sa nangyayaring rekonstruksyon doon. Pumunta ang ilang grupo ng manggagawa -- mga “print designers” ng tela sa Italya, mga nars sa Holanda, mga doktor at nars sa Britanya, at sa Alemanya’t Espanya, mga nars din at medical technologists. Ito ay nagpatuloy lalo na nang maganap ang gera sa Korea at Vietnam na humigop sa lakas ng Estados Unidos. Dito aktibong nagrekrut ang Estados Unidos ng mga Pilipino para sa US Army at Navy.

Lumawak ang pag-rekrut sa marinong Pilipino dahil sa nakitang sipag, tiyaga at abilidad nito kahit mababa ang pasahod. Dito rin kumikita nang husto ang mga kompanyang pandagat ng mga bansa sa Scandinavia, Holland, Belgium, at Gresya, liban pa sa Estados Unidos.

Nagsimula rin ang pagkuha sa Pilipino bilang katulong sa bahay ng mga diplomatiko at mayayamang dayuhan.

Sa Panahon ng Diktadurang Marcos: Nang nahalal si Marcos, nagpakana ito ng programang pang-kaunlaran na nakabatay sa puspusang pangungutang sa labas at loob ng bansa. Ginamit ang pera sa pagtatayo ng mga kalsada, gusali at iba pang imprastruktura. Ang iba ay kinamkam mismo ni Marcos at pinautang sa mga kompanyang pag-aari ng kanyang mga kamag-anak at kaibigan. Naging palasak ang korupsiyon. Si Marcos ang naging numero unong panginoong maylupa at kapitalistang komprador sa bansa.

Para makapanatili sa kapangyarihan nang lampas sa kanyang termino, idineklara ni Marcos, sa basbas ng Estados Unidos, ang batas militar at naging diktador. Upang maibsan ang disempleyo sa bansa at diskontento ng mamamayan, ginawang sistematiko ni Marcos ang pagluluwas ng manggagawang Pilipino. Ginawa itong programa mismo ng gobyerno, lalu't kumikita ang pamahalaan sa "foreign exchange" mula sa remitas na ipinapasok ng mga migrante sa loob ng bansa. Ito ang simula ng pag-transporma sa lakas-paggawa bilang isang produktong panluwas ng estado -- ang tinaguriang Labor Export Program (LEP).

Nang panahong iyon ang Saudi Arabia at iba pang bansa sa Gitnang Silangan ay nangangailangan ng murang lakas-paggawa para makapagtayo ng mga imprastruktura mula sa kinita nila sa langis. Kaya't sa pangunguna ng Arabian-American Company (Aramco), isang korporasyong hawak ng Estados Unidos, Engineering Equipment Incorporated (EEI) na pag-aari ng komprador kapitalistang Ayala, at Landoil Resources ng burukratang kapitalistang Jose de Venecia, libu-libong Pilipino ang nakalap upang magtrabaho sa Gitnang Silangan. Hindi na inalintana ng mga Pilipino kung anong klaseng pamumuhay, kultura at kalakaran ang daratnan nila doon. Malalaki pa ang sahod nila noon kaya naging palasak ang katawagang "katas ng Saudi."

Noong 1982, itinayo ng diktadurang Marcos ang Philippine Overseas Employment Administration (POEA) upang mangasiwa sa sistematikong pagluluwas ng Pilipino sa ibayong-dagat. Ito ang naging pinakamalaking recruitment agency. Ipinaloob sa POEA ang tatlong ahensya ng gobyerno -- National Seaman's Board (NSB), Overseas Employment Development Board (OEDB), at Bureau of Employment Services (BES) -- para maghanap ng merkado sa lakas-paggawa. Hindi rin nagtagal, ipinataw ng diktadura ang Executive Order 857 (EO857), ang sapilitang pagpapadala ng remitans sa mga bangkong pag-aari ng diktador at kanyang mga kamag-anak upang makorner ang kitang dolyar ng migrante.

Ayon sa POEA, mula 1982 hanggang 1985, umabot sa 620,872 ang bilang ng Pilipinong tumungo sa ibayong-dagat upang maghanapbuhay. Ayon din sa POEA, mula 1982 hanggang 1985, umabot sa humigit-kumulang US\$2.17B ang ipinadalang remitans ng migrante. Subalit konserbatibo pa ito sapagkat di nito saklaw ang mga hindi dumadaan sa POEA tulad ng mga turista, estudyante, Pilipinong nakapag-asawa ng dayuhan, atbp., na nagtatrabaho din sa ibang bansa. Gayundin, sa halip na dumaan sa bangko o remitans agency, maaaring sa kamag-anak o kaibigan nila pinapadala ang pera.

Itinayo ng diktadura ang Welfare Fund para diumano sa mga Overseas Contract Workers (OCW). Subalit sa halip na tustusan ng gobyerno ang mga benepisyo para sa mga migrante, sa balsa rin ng mga migrante nagmumula ito. Mga migrante rin mismo ang tumutustos sa operasyon ng opisina ng ito na wala namang ginagawa para sa kanilang kapakanan.

Bumagsak ang diktadura ni Marcos matapos ang halos 22 taong paghahari nito. Dito ay malaki ang ginampanang papel ng mga kababayang Pilipino sa ibayong-dagat. Habang sumusulong ang pakikibakang anti-diktadura sa Pilipinas, libu-libong kababayan din mula sa Estados Unidos, Europa at Hong Kong ang nag-rali, nagpiket, bumatikos at lumaban sa patuloy na paghahari ng diktador. Nakipagtulungan sila sa mga dayuhang sumusuporta sa pakikibaka laban sa diktadura. Kahit sila'y nasa ibang bansa, kanilang ibinandila ang makabayang mithiin ng sambayanang Pilipino para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Subalit ang kanilang aspirasyon ay di nagkaroon ng katuparan sa pagbagsak ng diktadura.

Sa Panahon ng Rehimeng Cory Aquino: Sa panahong ito ang labor-export program o LEP ay hindi lamang ipinagpatuloy kundi ipinaloob pa sa 5-Year Economic Recovery Program ng pamahalaan. Iaahon daw ng recovery program ang pagkalugmok ng ekonomiya na nilikha ng diktadura. At nakasaad dito na isa ang remitans ng mga migrante na panggagalingan ng kita ng pamahalaan. Tinanghal ang mga migrante bilang bagong bayani o "new economic heroes" dahil sa kanilang malaking kontribusyon sa ekonomiya. Maraming pangako ang rehimeng Aquino sa migrante tulad ng paglikha ng isang milyong trabaho para sa kanilang pag-uwi sa Pilipinas, subalit walang natupad dito.

Naging number one source ng "foreign exchange earnings" ng pamahalaan ang kita ng migrante. Kaya naman higit pang pinatindi ng rehimen ang ligal na pangingikil sa kanilang kita tulad ng "double taxation", pagtataas ng "travel tax" at "airport fee". Ipinataw pa ng rehimen ang tinatawag na Mandatory Insurance and Repatriation Bond (MIRB), kung saan kulang-kulang sa P800.00 ang pinababayaran sa migrante sa bawat dalawang-taong kontrata nila. Bilang kapalit, bibigyan diumano ng 'customs tax exemption' ang migrante, pero pinapatawan din ng buwis sa tuwi-tuwina ang kanilang pasalubong at napipilitan pa silang maglagay sa mga customs inspector upang maiwasan ang panggigipit sa airport.

Itinayo rin ng rehimeng Aquino ang Overseas Workers Welfare Administration (OWWA) sa ilalim ng Department of Labor and Employment (DOLE) na nangongolekta ng membership fee at samu't saring mga bayarin mula sa migrante. Nguni't hindi naman ito nakatutulong sa pangangalaga ng kanilang karapatan at kagalingan. Isang malinaw na halimbawa ang Gulf War noong 1991. Ni hindi ginamit ang pondo ng OWWA upang ilikas ang mga migranteng nalagay sa panganib doon. Ang mga migrante mismo ang nagtulung-tulong upang harapin ang gipit nilang kalagayan, at sa inisyatiba nila napresyur pati ang International Organization on Migration (IOM), na ilikas sila mula sa Gulpo.

Habang itinatangi na may LEP, agresibo namang inilalako ng rehimeng Aquino sa iba't-ibang bansa sa pamamagitan ng Kawanihan sa Paggawa ang tinawag na "Filipino labor as a quality product". Kinumbinsi nito ang Taiwan na gawin nang ligal ang mga kababayang nagtatrabaho doon nang walang papeles at buksan pa ang ibang tipo ng trabaho sa pabrika't serbisyo para sa migranteng Pilipino. Maging sa Hapon at Korea ay ibinenta nila ang murang lakas-paggawa ng Pilipino sa pamamagitan ng "trainee system." Subalit bilang trainee tatanggap lamang ang migrante ng alowans sa trabahong katulad ng sa mga regular na manggagawa.

Ayon sa POEA, mula 1986 hanggang 1991, umabot nang 2.25 milyong Pilipino ang lumabas ng bansa para maghanapbuhay. Ayon din sa POEA, humigit-kumulang sa US\$5.98B ang ipinadalang remitans ng migrante mula 1986 hanggang 1991.

Kaya kahit nalantad ang marami at iba't-ibang uri nang pang-aabuso sa migrante, nang magsimulang magdatingan sa Ninoy Aquino International Airport (NAIA) ang bangkay ng mga Pilipinong namatay o pinatay sa ibang bansa, mga bugbog-sarado o baldado at nasiraan ng katinuan, ang rehimeng Cory Aquino ay nagbulag-bulagan lamang.

Sa Panahon ng Rehimeng Ramos: Ang rehimeng Ramos ay mas masahol pa sa mga nakaraang rehimen sa pagsisilbi sa interes ng malalaking dayuhang kapitalistang pinamumunuan ng mga Amerikano at Hapones. Di lamang nito binuksan nang todo ang buong Pilipinas sa pagsasamantala ng dayuhang kapitalista kundi pormal nitong idineklara sa usapang internasyunal na ang Pilipino ay isang kalakal na ibinibenta sa sinumang nagnanais makinabang sa mura, masipag at maabilidad na trabaho nito. Habang itinatangi ni Ramos na may LEP, lantaran nitong ibinebenta ang murang lakas-paggawa ng Pilipino sa mga opisyal niyang biyahe sa ibayong-dagat at sa pamamagitan ng paggamit sa POEA, embahada't konsulado ng pamahalaan. Tinaguriang "international sharing of human resources" ang programa sa pagluluwas ng lakas-paggawa. Tinanghal ito bilang isang industriya o negosyo na inaasahang magbibigay ng mas malaki pang kita sa kabang-yaman ng pamahalaan.

Sa pamamagitan ng Philippines 2000, o Medium Term Philippine Development Program (MTPDP), masugid na ipinatutupad ng rehimeng Ramos ang tatlong haligi ng programa ng General Agreement on Tariff and Trade-World Trade Organization (GATT-WTO) at Asia Pacific Economic Council (APEC). Ito ang liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon. Ang esensya ng programang ito'y buksan ang ekonomiya ng Pilipinas sa walang abang panghuhuthot at pagsasamantala ng malalaking dayuhang kapitalista at ibenta nang walang pakundangan ang murang lakas-paggawa ng Pilipino. Tinitiyak ng programang ito ang pananatili sa paghahari ng mga panginoong maylupa at komprador kapitalista sa ating bansa.

Sari-saring kapariwaraan sa migranteng Pilipino ang isinahog ng rehimeng Ramos sa Philippines 2000. Kabilang na dito ang Kabuhayan 2000, ang programang "re-integration" ng migranteng nais nang bumalik sa Pilipinas. Naglunsad ng mga kursong-pagsasanay sa paggamit ng kompyuter, pagpapatakbo ng maliliit na negosyo, atbp. (halimbawa, beauty culture at sewing). Subalit hindi naman libre ang mga kurso. Ang esensya ng Kabuhayan 2000 ay magtayo ng negosyo sa Pilipinas ang mga migrante upang higit pang makopo ang kanilang kita at mabaon muli sila sa utang para muling mangibang-bansa. Pero walang kaseguruhan ang maliit na negosyong itatayo ng bagong-balik na migrante. Kadalasan nga'y nalulugi ang traysikel, taksi, tindahan, beauty parlor, at iba pang negosyong tinatayo nila. At dahil sa utang sa bangko sa pagtatayo ng negosyo, napipilitan muli silang mangibang-bansa para magtrabaho.

Alinsunod din sa Philippines 2000, ipinatupad ang Memorandum Circular 41 (MC 41) na nagbabawal sa tinatawag na "direct hiring" ng migranteng Pilipino. Sa MC 41, lahat ng gustong magtrabaho sa ibang bansa ay dapat dumaan sa mga pribadong ahensya na karamihan nama'y pag-aari ng mga nanunungkulan sa pamahalaan at mga taong militar. Ipinasa ng rehimen sa kanyang mga alipores ang tungkulin nito bilang nakatayong gobyerno sa Pilipinas na pangalagaan ang kapakanan ng migrante.

Samantalang wala namang inaatupag ang mga ahensyang ito kundi ang pagkakitaan ang migrante sa pamamagitan ng mataas na “processing fee” at iba pang bayarin. Ang karamihan nga’y kasabwat mismo ng rehimen at mga dayuhang kapitalista sa pang-aabuso, pananakot, panloloko at panghuhuthot sa migrante.

Mabilis pa sa kidlat na inaprubahan ng rehimen Ramos ang “Magna Carta for Overseas Filipino Workers” noong 1995 nang maramdaman ang galit ng sambayanang Pilipino sa walang katarungang pagtrato at pagpatay kay Flor Contemplacion. Ginawa ito ng rehimen matapos gamitin ang Gancayco Commission para maghugas ng pananagutan sa mga nangyayaring pang-aabuso sa migrante at matiyak na plantsado ang diplomatikong relasyon nito sa Singapore.

Pinalalabas ng Magna Carta na tungkulin ng pamahalaan na pangalagaan ang karapatan at kagalingan ng migrante. Subalit taliwas ito sa LEP. Para sa rehimen mismo, mas mahalaga ang kita ng migrante kaysa sa pangangalaga ng kapakanan nila. Dalawang taon matapos maaprubahan ang Magna Carta, walang naganap na pagbabago sa kalagayan ng migrante. Bagkus, nagpatuloy ang pagsasamantala at pang-aabuso sa kanila at nananatiling walang kibo ang rehimen. Dagdag pa, ipinaloob ang MC 41 sa Magna Carta para ipaubaya na sa mga ahensyang kumikita mismo sa pagluluwas ng migrante ang kapakanan nila.

Sa ilalim ng rehimen Ramos ay higit pang tumindi ang legal na pangingikil. Masugid na ipinatutupad ang pangongolekta sa MIRB, Medicare, Memorandum of Instruction No. 8 (MOI No. 8 - ang pagbabayad ng US\$25 para sa “on site protection”), paniningil sa membership fee at kontribusyon sa OWWA, trade tests, Artist Record Book (ARB), bayad sa medical examination at National Bureau of Investigation (NBI) clearance, notarization at authentication fees para sa iba’t ibang dokumentong kailangan ng migrante (birth certificate, kontrata sa kasal, atbp.), kabilang na ang visa translation fee. Itinaas din ang halaga ng placement fee at ng passport renewal fee kapag ito’y ipagagawa sa ibang bansa. Talagang ginawang gatasan ng rehimen ang migrante.

Ipinagyayabang ng rehimen na siya ang nagpasimuno sa APEC upang pag-usapan ang “Internationally Shared Human Resources.” Pormal nitong iminungkahing luwagan ang mga batas sa immigration upang dumulas ang palitan ng murang lakas-paggawa at mawala ang hadlang sa pagkalakal ng tao tulad ng isang kalakal. Ayon sa POEA, mula 1992 hanggang 1995, sa apat na taong pagkakaupo sa poder ng rehimen Ramos, humigit kumulang sa 2.49 milyong Pilipino ang lumabas ng bansa upang maghanapbuhay. Sa loob ng panahong ito, ayon pa rin sa POEA, umabot sa humigit kumulang US\$16.68 bilyon ang remitans ng migrante. Biglang tumaas nang higit sa dalawandaang porsiyento kung ihahambing sa kinita noong panahon ng rehimen Aquino. May duda ang iba na ginamitan pa ito ng “doubleaccounting” upang palitawing mas mataas sa tamang bilang ang kinikita nito sa pagluluwas ng lakas paggawa.

Sa Panahon ng Rehimen Estrada: Ang rehimen “Erap para sa Mahirap” ay nagpatuloy at nagpalawig ng programa sa pag-eksport ng lakas paggawa, pero pilit na itinanggi na mayor na programa ng kanyang administrasyon. Sa kanyang sariling bersyon ng LEP ginamit ni Erap ang Technical Education and Skills Development Authority o TESDA, isang ahensya ng pamahalaan, para magbigay ng ispesyal na training

para sa mga Pilipino na nais magtrabaho bilang domestic helper o entertainer sa ibang bansa. Layunin ng pagsasanay na makalikha ang TESDA ng pulutong ng mga tinawag ng rehimen na “quality product” na naaayon sa Job-Fair Program ng Department of Labor (DOLE) at Department of Trade and Industry (DTI).

Upang matugunan ang magastos na gera sa Mindanao, ipinatupad ni Estrada ang EO 197 na nagbigay ng go-signal para itaas nang hindi bababa sa 20 porsyento ang singil para sa mga serbisyo ng lahat ng ahensya ng gobyerno pati na ang mga embahada at konsulada nito sa labas ng bansa. Maliban dito, nagtangka din si Estrada na ipatupad ang OWWA Resolution 99-016 na nag-utos na gawing taunan ang pagbabayad ng US\$25 OWWA membership fee ng lahat ng OFW mula sa dati na isang beses lamang. Tinuligsa ito ng maraming samahang migrante, pero kinalaunan, sa pamamagitan ng MOI No. 8, ginawang per contract ang pagbayad sa membership fee ng OWWA. Lahat ay ginawa ng rehimens ng Estrada para gatasan ang migrante na lalo pang nagpabigat sa pasanin ng sektor.

Dahil sa agresibong labor-export policy at pagtindi ng kahirapan at kawalan ng hanapbuhay sa bansa, umabot sa 841,628 (land-based at sea-based) ang bilang ng mga Pilipinong lumuwas ng bansa para magtrabaho noong taong 2000. Ang bilang na ito ay mataas nang mahigit apat na libo mula sa dating bilang na 837,020 noong 1999. Samantala, ang kabuuang remitans na pumasok sa bansa mula Enero hanggang Agosto 2000 ay umabot sa US\$3.9 bilyon, ayon sa rekord ng Bangko Sentral.

Pinagsamantalahan at niloko ng rehimens ng Estrada ang sambayanan, kabilang ang sektor ng migrante. Ang mga anti-mamamayan at anti-migrante na programa at patakaran na kanyang ipinatupad ay nagbigay nang todong pahirap sa kanila. Ang pangako niya na si Erap ay para sa mahirap ay hindi niya pinangatawanan. Sa tindi ng galit ng taumbayan laluna sa kanyang korupsiyon, katiwalian at pandarambong inilunsad ang EDSA Dos na tuluyang nagpatalsik kay Estrada na noo’y nasa kalagitnaan pa lamang ng kanyang termino bilang pangulo.

Sa Panahon ng Rehimens ng Macapagal-Arroyo: Nailuklok si Gloria Macapagal-Arroyo, na noo’y bise presidente, sa poder matapos ang EDSA Dos. Pero hindi pa siya nagtatagal sa pwesto agad na niyang pinagtaksilan ang taumbayan at mas inunang ginantimpalaan ang militar at mga tradisyunal na pulitiko, na sumuporta sa kanya, at inilagay sila sa matataas na pwesto sa gobyerno. Kabi-kabila rin ang mga isyu ng korupsiyon at katiwalian na hinarap ni Arroyo sa siyam na taong panunungkulan nito. Sa isyu ng migrante mas pinaigting at pinalawig nito ang Labor Export Policy (LEP) sa bansa. Kung dati ay itinatanggi ito ng mga nagdaang administrasyon, sa panahon ni Arroyo ay naging lantaran at malawakan ang pangangalakal sa lakas-paggawa. Sa katunayan, ginawang “poster girl” ng imperyalista si Arroyo at pinili ang Pilipinas para mag-host ng ikalawang Global Forum on Migration and Development o GFMD noong 2008.

Sa kagustuhan na makapag-eksport ng mas marami pang lakas-paggawa, pati ang mga di-patas na kasunduan gaya ng JPEPA (Japan-Philippines Economic Partnership Agreement) ay pinasok ng rehimens ng Arroyo. Kahit alam niyang dehado ang higit sa nakararaming Pilipino, niratipika ng rehimens ng Arroyo ang kasunduang ito para makapasok ang ilang kababayang nars at caregivers sa Japan.

Panahon ng rehimens ng Arroyo nang pumutok ang pandaigdigang krisis sa ekonomiya at pinansya. Dito nalantad ang kahungkagan ng LEP. Walang alternatibong programa ang rehimens ng Arroyo para tugunan



ang pangangailangan ng mga OFW na nawawalan ng trabaho at napipilitang bumalik sa Pilipinas. Imbes na asikasuhin ang paglikha ng lokal na trabaho, mas pina-igting pa lalo ng rehimen ang paghanap at pagkopo ng merkado para sa lakas-pagawa ng Pilipino sa labas ng bansa. Kaya kahit sa mga bansang may ban sa pagpapadala ng manggagawang Pilipino tulad ng Iraq at Afghanistan nagbulag-bulagan ang rehimen sa mga OFW na patuloy na nagtatrabaho doon at hindi alintana ang matinding panganib.

Sa panahon ng rehiment Arroyo, mula 2001 hanggang 2009, umabot sa 9,347,984 ang mga Pilipinong iniluwas ng POEA sa ibayong-dagat . Pero kung isasama dito ang mga undocumented aabot ito nang lagpas sa 10 milyon. Sa kabilang banda, ang kabuuang remitans na nakolekta ng rehimen sa panahon ding ito ay umabot sa US\$100,721,403 ayon sa POEA. Higit na mas malaki pa ang totoong pumasok sa bansa kung isasama ang mga remitans na hindi dumaan sa bangko at mga remittance forwarders.

Bukod sa remitans, malaki rin ang kinita ng rehimens Arroyo mula sa walang humpay na pangongotong nito sa mga OFW. Bukod sa processing fee na kinakaltas sa mga OFW na hindi bababa sa P20,000 bawat isa, nandyan din ang US\$25 na OWWA membership fee na kinakaltas sa kanila sa bawat kontrata na napirmahan.

Hindi pa nakuntento, inilabas ng rehimens Arroyo ang OWWA Omnibus Policies (OOP) noong Setyembre 19, 2003 upang malayang makapangikil sa mga OFW ang mga ahensya ng gobyerno kapalit ng mga serbisyo nito. Kung tutuusin, paglabag ito sa Magna Carta for OFWs na nagsabing pangunahing responsibilidad ng gobyerno ang pagbibigay ng libreng serbisyo sa mga OFW. Dahil sa OOP, sunud-sunod ang mga dagdag-singil na ipinataw ng rehimen sa mga OFW gaya ng mataas na passport fee at authentication fee, double taxation, pwersahang pagbayad ng SSS, at marami pang iba. Bukod dito, sinimulan din ng rehimen ang negosyong e-card ng OWWA at ang POEA MC No 10, o tinawag na "New POEA Guidelines", na naglayong makalikha ng mga tinawag na "supermaids". Ang totoo, gusto lang gatasang muli ang mga domestic helper sa pagbibigay ng training at paghingi ng mga dagdag na requirements para diumano'y mas madaling mabigyan ng trabaho sa labas ng bansa.

Ang OOP din ang nagtanggap sa karapatan ng migrante na magamit ang pondo ng OWWA para sa kanilang kagalingan. Tinanggal din ng rehimen ang General Financial Assistance Program (GFAP) na nagbibigay ng pansamantalang tulong pinansyal sa mga OFW at kanilang pamilya. Higit na masaklap. pinayagan ng OOP na magamit ng gobyerno ang pondo ng mga OFW para sa anumang naisin nito.

Sa laki ng kita ng rehimen mula sa mga OFW, naging mapang-akit ito para sa mga kawatan sa gobyerno, nangunguna na si Arroyo. Halimbawa, sa panahon ng kaguluhan sa Lebanon noong 2003, nabunyag ang katiwalian sa paggamit ng pondo para sa paglikas ng mga OFW doon. Pebrero 14, 2003 naman noong palihim na pinirmahan ni Arroyo ang EO 182 upang ilipat ang pondo ng OWWA Medicare sa Philhealth. Hidi rin naitago ang iskandalosong paggamit sa pondo ng OWWA para tustusan ang kampanya ni Arroyo noong elekyong 2004 at 2010. Dahil may sariling Board of Trustees ang OWWA, hindi ito naisasalang sa auditing ng COA (Commission on Audit) kung kaya malayang nawaldas ng rehimens Arroyo ang pondo ng migrante.

Hindi lamang ito. Nalantad din ang kriminal na kapabayaang administrasyong Arroyo sa maraming kaso ng pagpatay, pang-aabuso, pagmamaltrato at pagsasamantala sa mga manggagawang Pilipino sa

labas ng bansa. Nang pumutok ang karahasan sa Lebanon dulot nang pananalakay ng bansang Israel, nakita ng lahat kung gaano kakupad kumilos ang gobyerno para sagipin ang ating mga kababayan doon. Na-expose din ang hirap na dinaranas ng libong stranded na OFW sa Saudi Arabia at ang kalbaryo ng mga undocumented na OFW sa Malaysia, Korea, Japan, atbp. Maliban dito, nalantad din ang kawalang malasakit ng administrasyong Arroyo sa migrante nang pikit-mata itong nanahimik sa kabila ng ambang wage cut sa Taiwan, Saudi Arabia at Hong Kong.

Sa loob ng siyam na taon ni Arroyo, , 6 na OFW ang nabitay nang walang kalaban-laban dahil hindi sila nabigyan ng legal na tulong ng gobyerno o kung nabigyan man ay huli na. Bukod sa anim, 102 pa ang nahatulan ng bitay sa iba't-ibang bansa (pinakamarami sa Middle East) habang mahigit 5,000 naman ang nakakulong. Sa puspusang kampanya ng mga samahang migrante, nailigtas sa bitay sina Marilou Ranario at Cecilia Alcaraz. Maging si Angelo dela Cruz ay muntik-muntikan ding napugutan noong kasagsagan ng gera sa Iraq. Kapalit ng pagpapalaya kay de la Cruz napilitan si Arroyona iatras ang tropang Pilipino sa Iraq kahit tutol dito ang imperyalistang Estados Unidos.

Pebrero 2003 nang ipinasa ang Overseas Absentee Voting Law (OAVL) para makalahok sa halalan ang mga OFW. Subalit tinipid at hindi inasikaso ito ng gobyerno. Limitado ang mga registration at voting centers at malayo ang mga ito sa tirahan at trabaho ng mga OFW. Lalong nawalan ng saysay ang OAVL dulot ng malawakang pandaraya ng rehimeng Arroyo noong nagdaang 2004 elections na naulit lang noong 2010. Ang masaklap, kakutsaba ang COMELEC, minaniobra ng administrasyong Arroyo ang pag-diskwalipika sa MSP (Migrante Sectoral Party) para makatakbo sa 2010 partylist elections.

Gumanti ng matinding protesta ang mga migrante sa iba' iba't ibang panig ng mundo. Umalingawngaw ang iba't-ibang porma ng koordinadong pagkilos gaya ng piket sa mga embahada at konsulado, rally sa mga malalaking syudad sa mundo, at panawagang civil disobedience tulad ng "Zero Remittance Day" na inalmanan ng rehimeng Arroyo. Noong Hulyo 2008, itinayo na rin ang International Migrants Alliance o IMA na binubuo ng makabayan at anti-imperyalistang migrante sa buong mundo, kabilang ang mga makabayang samahan ng migranteng Pilipino

Sa Panahon ng Kasalukuyang Rehimeng Noynoy Aquino: Bitbit ang popularidad ng yumaong ina na si dating Pangulong Cory Aquino, nahalal si Benigno "Noynoy" Aquino, III o P-Noy, bilang ika-15 pangulo ng bansa. Sa kanyang inagurasyon, nangako si P-Noy na tutuldukan ang korapsyon at katiwalian sa gobyerno at wawakasan ang kahirapan ng mamamayan. Gamit ang slogan na "walang mahirap kung walang korap", nangako siya na tatahakin ang "daang matuwid" para maiangat ang kabuhayan ng mamamayan.

Pero, hindi pa tapos ang kanyang unang-daang araw sa panunungkulan, agad na lumitaw ang tunay na karakter ng bagong administrasyon. Taliwas sa kanyang mga pahayag, walang bagong ginawa ni P-Noy maliban sa pagyakap sa kinarambolang polisiya at patakaran ng mga naunang administrasyon. Gamit ang bagong pangalan, pero sa porma at esensya ay pareho lamang, ipinagpatuloy ni P-Noy ang mga polisiya at patakaran na pabor sa mga dayuhan at lokal na elitista at kontra sa tunay na interes at kapakanan ng mas nakararaming mamamayan.

Iisa na rito ang pagpapatuloy at pagpapaligting ng LEP. Ipinangako ni P-Noy na bibigyan niya ng prayoridad ang kapakanan ng migranteng Pilipino. Pero wala pang isang taon sa kanyang panunungkulan, grabe nang pahirap ang ibinigay niya sa sektor. Hinayaan niya ang kabi-kabilang pangongotong sa migrante ng maraming ahensya ng rehimen. Bukod sa US\$25 OWWA membership fee at processing fee ng POEA, nandyan din ang bayad sa medicare, panukalang mandatory contribution sa Pag-Ibig, mas mataas na singil sa e-passport at mandatory insurance na bukod sa dagdag gastos sa mga OFW ay paghuhugas-kamay ng rehimen sa mga kapalpakan at pagtalikod sa interes ng migrante.

Bata pa ang administrasyon ni P-Noy, pero batbat na ng isyu ng katiwalian damay ang mga kawawang OFW. Hulyo 2010 nang sumambulat ang kontrobersya sa e-passport na sangkot ang P857 milyon. Mas mataas na di hamak ang halaga ng passport sa labas ng bansa. Wala daw "tongpats" sa kanyang administrasyon, at lalong di niya napanagot ang mga nagkasala.

Pero pinaka-malaking dagok sa sektor ng migrante sa ngayon ay ginawang pagkaltas ni P-Noy sa 2011 badyet para sa mga OFW. Mula P19 bilyon noong 2010, ibinaba nito sa P10.98 bilyon, o halos kalahati sa 2011 badyet ng Department of Foreign Affairs (DFA). Sa badyet na ito, pinakamalaki ang kinaltas sa pondo ng ATN (assistance to nationals) at LAF (legal assistance fund). Mula sa pinagsamang badyet na P200 milyon para sa ATN at LAF noong 2010, ibinaba ito ni P-Noy sa P109.2 milyon para sa taong 2011 – P81.9 milyon para sa ATN at P27.3 milyon na lamang ang natira para sa LAF.

Malinaw na paglabag sa Republic Act 10022 (ang inamyendahang RA 8043 o Migrant Workers Act noong 1995) ang pagkaltas sa badyet ng LAF dahil ayon sa batas na ito, P100 milyon ang pondong dapat ilaan para dito – P50 milyon mula sa contingency fund ng pangulo, P30 milyon mula sa social fund ng pangulo at P20 milyon galing sa Overseas Workers Welfare Fund. Kakarampot na nga ang badyet dati, tinapayan pa nang ubod laki ang badyet para sa mga OFW. Kaya bukod sa malasado at kulang ang serbisyo ng marami sa mga embahada at konsualdo ng Pilipinas sa labas ng bansa, madalas pa na abusado at irresponsable ang marami sa mga opisyal nito. Isang klasikong halimbawa ay ang pangit na karanasan ng OFW na si Agnes Tenorio sa Hong Kong na hindi na nga tinulungan, binastos at minaliit pa ng labor attaché doon.

Pero higit na kahabag-habag ang kalagayan ng mga OFW na nasa kulungan, lalo na yaong mga nahatulan ng bitay pero walang tulong na natatangap mula sa rehimen. Sa talaan mayroong 123 OFW ngayon ang nasa death row sa iba't-ibang bansa. Tatlo sa bilang na ito ay nakatakda nang bitayin sa Tsina nitong Pebrero 2011 pero, dahil sa presyur ng mamamayan kay P-Noy, napwersa ito na makipag-negosasyon sa gobyerno ng Tsina kung kaya pansamantalang ipinagpaliban ang pagbitay sa kanila. Bukod sa tatlo, may 79 pa na nahatulan din ng bitay sa Tsina na hindi sana nangyari kung naging maagap lamang ang tulong ng rehimen. May humigit-kumulang din 7,000 OFW ang ngayo'y nakakulong sa iba't-ibang panig ng mundo at mahigit 9,000 naman ang stranded (pinakamarami sa Middle East). Lahat sila ay matagal nang naghihintay ng tulong sa rehimen. Nandyan din ang mahigit isang milyon na undocumented OFW na nakakalat sa maraming bansa at naghihintay ng tulong at suporta mula sa gobyerno.

Sa pagsiklab ng kaguluhan sa Middle East gaya nang nangyari sa Egypt na sinundan ng Libya, Yemen, Bahrain at Syria, kung saan malaking bilang ng mga OFW ang naipit, kabi-kabilang batikos ang natanggap ng rehimeng P-Noy dahil sa kawalan ng maayos na plano at mabagal na aksyon. Kung sino pa ang may malaking kontribusyon sa ekonomiya ng bansa ang siyang binabalewala at pinahihirapan.

Mula Enero hanggang Setyembre 2010, ang na-proseso ng POEA na OFW ay 1,070,588. Mas mababa ang bilang na ito nang bahagya sa 1,112, 840 OFW na na-deploy noong 2009 dahil daw sa pandaigdigang krisis ayon sa POEA. Pero ang totoo, hindi nabawasan ang bilang ng mga Pilipinong lumuwas sa ibayong-dagat para magtrabaho. Mas lumaki pa ito kung isasama ang mga undocumented na hindi dumaan sa POEA, pati na yung mga nagdesisyong manatili sa bansang piangtatrabahuhan matapos mapaso ang kanilang kontrata at yung mga nakapag-asawa ng dayuhan.

Ito pa rin ang karanasan ng mga migrante at kanilang pamilya kahit sa sinasabing "daang matuwid" ni P-Noy. Subalit hindi lamang ang mga migrante ang nasisiphayo kundi ang buong sambayanang Pilipino, sapagkat ipinagpapauloy lamang ni P-Noy ang kasalukuyang sistemang panlipunan.

Utang ni P-Noy sa mga malalaking panginoong maylupa at komprador kapitalista ang pagkakaluklok niya sa poder, kahit pa sabihin na naging popular siya sa mamamayan dahil sa namayapa niyang ina. Nais din niyang pagsilbihan ang malalaking dayuhang kapitalista dahil sa kanya ito ang "daang matuwid", hindi ang pagsilbihan ang masa. Hanggang naghahari ang sistemang ganito, at hanggang may mga tutang rehimen katulad ni P-Noy, magpapatuloy ang pagsasamantala sa sambayanang Pilipino, ang pagbulusok ng kanilang kabuhayan, at ang disempleyo sa ating bansa.

#### **IV. ANG PAGBUBUO NG MIGRANTE INTERNATIONAL**

Sa iba't ibang panahon at sa hiwa-hiwalay na mga pangyayari sa kasaysayan, ang mga migrante ay lumaban at tumindig para sa kanilang mga karapatan at kagalingan. Pero magkakaroon ito nang ibang hugis pagdating ng dekada '70 pataas dahil ang hiwa-hiwalay na paglaban ay natahi, naging koordinado, at sumaklaw ng maraming bansa. Kinalaunan, noong dekada '90, humantong ito sa pagbubuo ng isang alyansa ng mga makabayang organisasyong Pilipino sa labas at loob ng bansa na nagtataguyod sa kapakanan ng migrante sa ibayong-dagat at ng sambayanang Pilipino. Ito na nga ang Migrante International.

Bago nito, sa huling bahagi ng dekada '60, ilang makabayang Pilipino ang nagtungo sa Estados Unidos upang mag-organisa at magmobilisa sa hanay ng mga kababayan doon para sa kilusang pagbabago sa Pilipinas. Nakapagtayo sila ng isang makabayang organisasyong Pilipino na mabilis na lumaganap sa iba't ibang syudad. Nang ipataw ni Marcos ang batas militar naging malakihan ang kilos protesta sa Estados Unidos. Maging ang ilan sa naghaharing uring kalaban ni Marcos na nagsitakbuhan doon ay nakasama sa anti-pasistang pagkilos.

Subalit nagkaroon ng disoryentasyon o paglihis ang ilang namumuno sa organisasyon. Mas hinikayat ang mga Pilipino na itutok ang panahon sa pakikibaka ng manggagawang Amerikano sa loob ng Estados

Unidos at gawin na lamang sekundaryo ang kilusang pagbabago sa Pilipinas. Gayunman, marami ang nanindigan na ang kanilang pangunahing tungkulin ay ipaglaban ang makabayang aspirasyon ng sambayanang Pilipino para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

Sa kalagitnaan ng dekada '70, ilang makabayang Pilipino pa ang nagtungo sa ilang bansa sa Europa at Asya-Pasipiko upang mag-organisa at magmobilisa ng suporta para sa kilusang pagbabago sa Pilipinas. Sa panahong ito'y unang binigyan ng diin ang pagbubuo ng "solidarity formations" sa hanay ng mga mamamayan ng ibang bansa dahil sa tumitinding represyon sa Pilipinas. Bagamat naging maayos ang pagkilos dito, hindi nabigyan ng gaanong pansin ang pag-oorganisa at pagmomobilisa sa hanay ng migranteng Pilipino. Ito pa naman ang panahong lumalaki ang bilang ng mga Pilipinong tumutungo sa Europa, Gitnang Silangan at Hong Kong para magtrabaho.

Pero sa huling bahagi ng dekada '70, sinimulan ng mga migrante ang pagtatayo ng mga institusyong magtatanggol at mangangalaga sa kagalingan at karapatan nila, laluna sa kalagayang inutil ang gobyerno, ang mga embahada at konsulado nito, para tulungan sila. Sa simula'y pag-aasikaso lamang ng mga suliranin ng mga migrante ang hinaharap ng mga institusyong ito. Kinalaunan nakitang hindi sasapat ito kung hindi rin lang maiuugnay ang problema ng migrante sa mga nangyayari sa Pilipinas.

Pagpasok ng dekada '80, lumakas na ang tunguhing makabayan sa hanay ng mga migrante. Nakapagpalitaw ng mga aktibista mula sa hanay ng migrante at nakapagtayo rin ng ilang organisasyon. Maganit pa sa simula at nagkaroon pa ng kalituhan dahil isinasama pati mga rekruter na tuwirang kumikita sa migrante. Nariyan ding ugatin ang pangigingibang-bayan ng mga migrante hindi sa kongkretong kondisyon ng Pilipinas kundi sa kusang pagnanais nila na umalis.

Nang pinirmahan ni Marcos ang EO 857 o ang sapilitang remitans, parang apoy na pumutok ang galit ng mga migrante sa Gitnang Silangan, Europa at Hong Kong. Naglunsad sila ng mga kilos protesta. Nagkaroon ito ng koordinasyon sa loob ng Pilipinas mula sa mga institusyong itinayo upang tumulong sa pagtataguyod ng karapatan at kagalingan ng migrante at kanyang pamilya. Naging mahusay ang pagdadala ng isyu at kampanya. Malinaw itong naiugnay sa pangkalahatang suliranin ng sambayanang Pilipino, at nalantad ang pangangayupapa ng rehimeng Marcos sa dikta ng IMF-WB. Lumawak din ang naabot at napakilos ng makabayang Pilipino sa hanay ng migrante sa ibayong-dagat.

Tulad nang nabanggit na, sumabay ang mga kababayan sa ibayong-dagat sa agos ng anti-pasistang protesta laban sa diktadurang rehimen. Iba't ibang porma ng pagkilos ang inilunsad nila tulad ng piket at rali sa harap ng embahada o konsulado ng Pilipinas at pag-lobby sa mga ahensya ng dayuhang pamahalaan upang tutulan ang nangyayaring pagsupil sa karapatang pantao sa Pilipinas. Malaking tulong ang nagawa ng mga kababayan sa ibayong-dagat sa pangangalap ng suporta mula sa mga mamamayan, progresibong samahan at kahit ahensya ng pamahalaan ng ibang bansa.

Nang bumagsak ang rehimeng diktador, hindi naging malinaw sa mga kababayan sa ibayong-dagat kung papaano titingnan ito. Marami ang nag-akala na ang pagkaluklok sa poder ni Cory Aquino ay maghahatid nang ganap na pagbabago sa lipunang Pilipino. Bumaba ang bilang ng kasapi ng mga makabayang organisasyon Pilipino sa ibayong-dagat. Natira ang mga naniniwalang hindi pa tapos ang pakikibaka para sa tunay na pambansang kalayaan at demokrasya. Nagsikap silang unawain at sapulin

ang esensya ng bagong kalagayan at makaangkop dito. Subali't nagulo ang kanilang hanay nang pumalo ang matinding "red scare" na isinagawa ng rehimengCory Aquino. Nagpalabas ito ng listahan ng mga organisasyong Pilipinong sinasabing prente raw ng komunista.

Bunga nito naging makupad ang pagpapalawak sa mga pangmasang organisasyon ng migrante. Nagkaroon din ng pagtinging ilimita na lamang ang pagkilos sa purong isyu ng migrante at huwag nang ikawing sa isyu ng sambayanang Pilipino. Pinatingkad at pinanatili ang sibikong karakter ng mga organisasyon sa pagnanais itago ang katangiang pulitikal nito. Sa ilang lugar nagdebate pa kung ano ang pangunahing isyung dapat tingnan ng mga migrante: ang mga isyu sa bansang tinitirhan o mga pambansang isyu sa Pilipinas. Nakalimutang ang kanilang pangunahing tungkulin bilang mga makabayang Pilipino sa ibayong-dagat ay suportahan at lumahok sa kilusang pagbabago sa Pilipinas.

Sa huling bahagi ng dekada '80, sa kumperensiya ng mga makabayang organisasyon ng migranteng Pilipino sa ilang bansa sa Asya-Pasipiko, pinagtibay ang mga koordinadong kampanya at gawain kaugnay ng mga maiinit na isyu sa ating bansa. Ngunit kadalasa'y isa o dalawang bansa lamang ang nakakatugon. Hindi tuloy naging malakas ang impak ng mga pagkilos para matigatig ang pamahalaan sa Pilipinas, kahit pa ito'y lumalabas sa mga mayor na pahayagan ng mga bansang pinagdarausan.

Noong Enero 1992, nagkaroon muli ng kumperensiya sa Hong Kong na nagtayo ng Committee for the Unity of Overseas Filipinos (CUOF). Binuo ito ng mga makabayang organisasyong Pilipino, institusyon at non-governmental organizations (NGOs) na nagtataguyod sa kapakanan ng migrante at sambayanang Pilipino. Pagkalipas ng dalawang buwan ang CUOF ay naging Migrante-APME (Asia-Pacific/Middle East), ngunit nabinbin pansumandali dahil kailangan pang palakasin at palawakin ang mga makabayang organisasyong Pilipino sa rehiyon.

Noong 1994, ginanap ang isang konsultasyon na dinaluhan ng mga kinatawan ng mga makabayang organisasyong Pilipino sa ibayong-dagat at mga institusyon sa Asya-Pasipiko, Amerika at Western Europe. Sa konsultasyong ito pinagkaisahan na itransporma ang Migrante-APME sa Migrante International. Nabuo ang Komiteng Tagapagpaganap nanakabase sa Pilipinas na maghahanda ng mga rekisitos para sa pagpapatawag ng Kongreso ng Pagtatatag ng MigranteInternational.

Nang pumutok ang isyu ni Flor Contemplacion noong 1995, ang Migrante International, sa tulong ng Gabriela at Bayan, ang nagdala ng kampanya ng protesta sa Pilipinas. Mahigpit and naging koordinasyon din ng Migrante sa mga makabayang organisasyong Pilipino sa iba't ibang bansa, pati na sa iba't ibang sektor sa loob ng bansa. Naging militante, malawak, koordinado at, umani ng malaking tagumpay, ang kampanyang ito. Nagkaroon ito ng malakas na impak sa loob at labas ng bansa na tumigatig sa rehimeng Ramos at ganoon din sa pamahalaan ng Singapore at binatikos nang husto ng internasyonal midya kaya nailagay ang isyu ng migrante sa pambansa at pandaigdigang saklaw. Pinadulas at pinahigpit din nito ang batayan at pangangailangang itayo ang isang pandaigdigang alyansa ng mga makabayang organisasyon ng mga Pilipino sa ibayong-dagat na nagtataguyod sa kapakanan ng migrante at ng sambayanang Pilipino.

Taong 1996 nang ilunsad ang Kongreso ng Pagtatayo ng Migrante International bilang isang alyansa ng mga makabayang organisasyong Pilipino sa labas ng bansa na may punong tanggapan sa Pilipinas.

Simula noon hanggang sa ngayon malinaw na tumitindig ang Migrante International para sa karapatan at kagalingan ng mga migranteng Pilipino at kanilang pamilya sa labas o sa loob man ng bansa.

Di na mabilang ang mga migranteng Pilipino na natulungan ng Migrante International na binubuo na iba't ibang kasaping organisasyon na ngayo'y nasa 22 bansa. Sa mga bansang may tsapter ng Migrante ay dumudulog ang mga migranteng nilalabag ang mga karapatang pantao at mga karapatan sa paggawa. Ang mga kasong ito ang naglantad sa kainutilan, kabulukan, at pangongotong ng mga ahensya ng gobyerno. Ang mga ito rin ang nagpapatunay kung gaano sumasahol ang LEP sa bawat taon.

Subalit muli at muling nililinaw ng Migrante na hindi nagtatapos sa mga particular na isyu ang laban nito, makamit man ang mga kahilingan o hindi. Bagkus lalong tumitibay ang paniniwala ng Migrante na ang mga isyu ng sektor ay nakakawing sa mga isyu ng bayan, at hindi malulutas ang mga isyu ng migrante kung wala ring tunay na pagbabago sa bansa. Kaya kasabay ng pagdadala ng Migrante ng mga partikular na isyu ng sektor na kinakatawan nito, nagsusulong at sumusuporta ito sa mga isyu ng bayan na papawi sa kahirapan, disempleyo, kawalan ng katarungan at kalayaan sa lipunan.

## **V. ANG ATING MGA TUNGKULIN**

Pangkalahatang tungkuin ng Migrante napukawin, organisahin at mobilisahin ang migranteng Pilipino at kanilang pamilya para ipaglaban ang kanilang karapatan at kagalingan at palahukin sila sa pagkakamit ng pambansang demokrasya sa Pilipinas.

Ang dalawang bahaging ito ay magkaugnay at hindi magkahiwalay. Natural na ipaglaban ng Migrante ang mga partikular na isyu ng sektor na pumuputok sa araw-araw. Dito nagsisimula ang pagkakaisa ng migrante. Subalit hinditumitigil ang laban dito. Hangga't walang pagbabago sa lipunang Pilipino, mananatili ang phenomenon ng sapilitang migrasyong Pilipino sa ibayong-dagat at magpapatuloy rin ang pagsulpot at paglubha ng mga problema ng migrante.

Samantala, bilang kinatawan ng migranteng manggagawang Pilipino, pumapangalawang tungkulin ng Migrante na ipaglaban at suportahan ang paglaya, hindi lamang ng sariling bansa, kundi pati ang paglaya ng manggagawa sa lahat ng bansa.

Mahalagang makipagkaisa ang migranteng Pilipinosa mga manggagawa ng ibang bansa dahil pareparehong pinagsasamantalahan ang kanilang lakas paggawa ng uring kapitalista. Kung hindi sila magkakaisa, hahatiin ng mga kapitalista ang hanay nila o pag-aawayin sila sa isa't isa. Ngayon pa lamang ay ibinubunton na sa mga migranteng manggagawa ang krisis ng mga kapitalistang bansa kaya sila ang unang tinatangal, tinitipid sa sahod at benepiyo, at dinideport nang maramihan. Tinatawag din silang "iskirol" dahil inaagaw nila diumano ang trabaho ng mga manggagawa sa pinuntahang bansa.

Pabor kapwa sa mga migranteng manggagawa at manggagawa ng iba't ibang nasyunalidad na magkaisa. Parepareho silang may karapatan sapantay na pagtrato bilang manggagawa at makatwiran lamang na labanan nila ang diskriminasyon, rasismo at ang pagsulpot ng bagong pasismo. Ang pagkakaisang ito ay maaari pang lumawak at mauwi sa pagsuporta ng mga manggagawa at mamamayan ng ibang bansa sa

ad hikain ng mga Pilipino na maging tunay na malaya at maunlad ang Pilipinas at mapawi na ang sapilitang migrasyon.

### **Inihahanay naman ng Migrante ang mga sumusunod na partikular na tungkulin:**

#### **A. Sa loob ng Ating Bansa**

1. Pagpukaw, pagpapakilos at pag-oorganisa ng mga bumalik na migrante. Hindi lamang dapat asikasuhin ang pagtugon sa kanilang kaso o problema kundi, higit pa, iminumulat sila hinggil sa tuwirang ugnayan ng migrasyon sa mga problema ng lipunang Pilipino. Sa ganitong paraan ay mauunawaan nila kung bakit kailangan nilang kumilos para sa kanilang kagalingan at sa pambansa demokratikong pagbabago na isinusulong ng sambayanan.

2. Pagpukaw, pagpapakilos at pag-oorganisa ng mga pamilya ng migrante. Maraming komunidad sa mga syudad at probinsya na may konsentrasyon ng pamilya ng mga migrante o dating migrante. May mga paaralan, pagawaan, o opisina na may mga kapamilya rin ng migrante. Ang pamilya ang karaniwang tinutukoy na dahilan sa panginibang-bayan ng mga migrante. Kung kaya mahalagang maunawaan ng mga kapamilya ang sitwasyon at pakikibaka ng migrante upang makaisa at makuha ang suporta nila sapakikibaka ng migrante at gayundin ng sambayanan. Sa gayon katuwang sila sa pagdadala ng hinaing ng migrante. Sila rin itong nagsisilbing direktang puwersa at kinatawan ng migrante sa loob ng Pilipinas habang ang mga mahal nila sa buhay ay nasa labas ng bansa.

3. Paglulunsad ng mga pagkilos batay sa kagyat na isyu na kinakaharap ng pamilya't biktima. Hindi nawawalan ng isyu ang migrante at halos araw-araw ay may lumalantad na biktima. Kaya marami ang okasyon para mamulat, mapakilos at maorganisa ang migrante at kanilang pamilya. Pero ang kahilingan para sa karapatan o kagalingan ay hindi basta ibinibigay; ito ay ipinaglalaman. Tungkulin ng Migrante na ipakita sa masang saklaw at sa publiko na ang tagumpay ay nasa sama-samang pagkilos at nasa pagkakapit-bisig ang lakas, laluna kapag ang kaharap ay ang pamahalaan at mga naghaharing uri sa bayan.

4. Pag-abot sa iba't ibang demokratikong uri at sektor sa loob ng bansa. Nagmumula ang mga migrante sa iba't ibang uri at sektor, laluna mula sa hanay ng mga manggagawa at magsasaka. Kaya interes din ng mga uri at sektor na ito na maunawaan ang penomenon ng migrasyon. Malaking bagay na mabigyan ang migrante sa kanilang hanay ng oryentasyon bago lumuwas ng bansa para makaugnay o maiugnay sa mga tsapter ng Migrante sa ibayong dagat, kung di man ay sa mga makabayan o progresibong organisasyon doon.

5. Makipagkaisa o makipag-koordinar sa mga organisasyong Pilipino sa ibayong-dagat. Tungkulin ng Migrante International na abutin ang mga organisasyong Pilipino sa labas ng bansa, alinman mula sa punong tanggapan nito o sa mga tsapter nito sa iba't ibang lugar ng Pilipinas. Bubuuin ang pakikipagkaisa sa kanila at hihikayatin silang maglunsad ng sama-samang pagkilos para sa kagalingan ng migrante, at itataas ang antas ng kanilang kamalayan sa isyu ng migrante at lipunan.

#### **B. Sa Labas ng Bansa**



1. Pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa migranteng Pilipino sa ibayong dagat para sa kanilang partikular na isyu at sa pangkabuuang isyu ng mamamayang Pilipino para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

a. Sa mga lugar na wala pa, itayo ang samahan ng mga migrante o kababayan para manguna sa paglulunsad ng mga pagkilos para sa kapakanan nila at ng sambayanang Pilipino.

b. Kumilos sa hanay ng mga tradisyunal na organisasyong pangmigrante at himukin silang maging progresibo o makabayan at tahakin ang landas ng pambansa demokratikong pagbabago.

k. Sa mga lugar na may mga organisasyon ng migrante, magtayo ng mga alyansa na magtatahi sa mga inisyatiba at pagkilos ng mga organisasyong ito. Ilapit sila sa pagsuporta at paglahok sa pakikibaka ng mamamayang Pilipino.

d. layon ang mga porma ng pagkilos at organisasyong itatayo sa resulta ng panlipunang pagsisiyasat o nang naayon sa partikular na kalagayan at katangian ng bansang kinikilusan.

2. Pagtataguyod ng gawaingpakikipagkaisa.

a. Gawing minimum na batayan ng pagkakaisa sa mga manggagawa at mamamayan ng ibang bansa ang International Convention on the Rights of Migrants and their Families. Maraming mga isyu o punto dito na puedeng pagsimulan ng komon na suporta, aktibidad o pagkilos.

b. Suportahan ang mga lehitimong isyu ng mga manggagawa at mamamayan ng ibang bansa para sa kanilang mga karapatan at kagalingan. Dumalo sa kanilang mga pagkilos at aktibidad. Kilalanin ang kanilang mga isyu at organisasyon. Magbahagi ng ating karanasan sa kanila, at gayundin naman sila sa atin.

k. Ipalaganap sa mga manggagawa at mamamayan ng ibang bansa ang Migrante International at mga layunin nito. Imbitahin sila mga pagkilos o aktibidad ng Migrante o mga tsapter nito. Imbitahin din silang sumapi sa pandaigdigang alyansa ng mga migrante ng iba't ibang nasyunalidad, ang International Migrants Alliance (IMA). Kunin din ang kanilang suporta para sa pakikibaka ng mamamayang Pilipino sa pag-imbata sa kanila sa mga porum at aktibidad, pagdalo sa mga kumperensya o exposure trips sa Pilipinas.

d. Makipag-ugnayan sa mga progresibong organisasyon ng ibang nasyunalidad, gayundin sa iba't ibang NGOs o institusyon na tunay na lumalaban para sa kapakanan ng mga migranteng manggagawa.

e. Agresibong magkampanya at mangalap ng suportang materyal at pinansyal laluna sa mga panahon ng krisis at kalamidad sa Pilipinas tulad ng matinding baha o bagyo, kung saan apektado ang malaking bahagi ng sambayanan, kasama na ang mga migranteng pamilya.

K. Pahigpitin ang Ugnayan ng Gawain sa Loob at Labas ng Bansa

1. Patuloy na palawakin, palakihin at paunlarin ang Migrante International, hindi lamang bilang pandaigdigang alyansa, kundi bilang sentro sa paglaban para sa karapatan at kagalingan ng migranteng Pilipino, sa saklaw man ng Pilipinas o daigdig.
  - a. Kagyat na magpasa ng mga posibleng rekrut na organisasyon o indibidwal sa kinauukulang tsapter ng Migrante o kaya ay sa punong tanggapan.
  - b. Maglunsad ng mga kampanya sa labas ng bansa at ikoordina ito sa Pilipinas, ito man ay mga partikular na isyu ng migrante o mga isyu ng sambayanang Pilipino.
  - k. Tiyakin ang paglahok o pagresponde ng mga kasaping organisasyon sa mga mga kampanya ng Migrante.
    - c. Ibahagi ang mga karanasan sa kampanya ng Migrante na matutularan o mapupulutan ng aral ng mga kasaping organisasyon.
2. Tiyakin ang mabilis na koordinasyon sa pagitan ng mga kasaping organisasyon ng Migrante International, at laluna sa pagitan ng punong tanggapan at sa mga tsapter nito sa loob at labas ng Pilipinas.
  - a. Pabilisin ang daloy ng mga datos at impormasyon, pagsuporta sa mga kampanya, gayundin ang pagpapaabiso sa pag-uwi hanggang sa mga exposure trips o integrasyon ng mga umuuwing kasaping migrante sa bansa.
  - b. Maagap na magpaabot ang mga tsapter ng mga kaso at isyung kinakampanya sa punong tanggapan sa Pilipinas.
  - k. Magtulungan sa koordinadong pagkilos sa antas ng bawat bansa o sa pagitan ng mga tsapter sa iba't ibang bansa sa kanilang mga komon na isyu, tulad halimbawa ng illegal recruitment, trafficking, o pag-aresto o pagdeport sa mga undocumented.
  - c. Dumalo sa mga kumperensya na inilulunsad ng Migrante International tulad ng kongreso para mapahigit din ang ugnayan ng mga kasaping organisasyon, mga lider at karaniwang kasapi.
3. Magtulungan sa pag-oorganisa sa mga lugar na may malaking konsentrasyon ng migrante at wala pang nakatayong organisasyon doon na mangunguna sa paglaban para sa kapakanan ng migrante at ng sambayanang Pilipino.
  - a. Magpasa ang mga tsapter ng contacts para maorganisa ang kanilang mga pamilya o kaanak sa Pilipinas at para din makatulay pa sa mas maraming bilang ng migrante at pamilya.
  - b. Habang nasa Pilipinas, maglaan ng panahon ang mga umuuwing kasapi ng Migrante para tumulong sa pag-oorganisa, at magbahagi ng karanasan sa sitwasyon ng mga migrante sa pinanggalingang bansa at sa kanilang mga pagkilos. ###